# Langit Lupa

**Gloc-9**

Bakit mo ako
Niyaya dito
Para gitgitin ng mga
Kayabangan mo
Bakit mo ako
Sinama dito
Sabay bulong mo ng mahina

Langit o lupa
Araw o gabi
Mamili sa dalawa tama o mali
Langit o lupa
Araw o gabi
Mamili sa dalawa

San ka papunta
Kaliwa o kanan
Ano ang gusto
Bago o pinag lumaan
Meron o wala
Payat man o mataba
Pandak o matanggkad
Na palaging tinitingala
Mura o mahal
Sandali o matagal
Manipis o makapal
O di kayay
Mahiyain o garapal
Pangit o maganda
Bata man o matanda
Sino kaya ang malaya yung
Nakagapos o syang nakawala

Tandaan mo sa buhay ay dalawa lang
Ang syang dapat nating pag pilian
Nasasayo ang kahihinatnan
Mabuti mong pag isipan
Nang hindi ka mag tanong ng

Bakit mo ako
Niyaya dito
Para gitgitin ng mga
Kayabangan mo
Bakit mo ako
Sinama dito
Sabay bulong mo ng mahina

Langit o lupa
Araw o gabi
Mamili sa dalawa tama o mali
Langit o lupa
Araw o gabi
Mamili sa dalawa

Bakit ba nahihirapan ang pag pipilian lang ay dalawa
Pinag iisipan pa ba kung ano ang tunay na mahalaga
Sabi sa akin nung bata pa pag puro mali ay tama na

Pano ang kinabukasan kung di ka aabot sa makalawa
Kagatin ko na kaya ang berdeng mansanas na ibinigay ng ahas
Magaling sa mga bagay pero bakit dami parin dinaranas
Lumalaban ng parehas kahit kapalaran parang dina patas
Totoo ang pagkatao kahit nababalot ng pekeng alahas
Sabi sakin nung baraha sa kanya nalang iasa
Pero bakit laging malas kahit ilang ulit ko nang binalasa
Habulin man at madapa mabuti man o masama
Mamili ka sa dalawa langit lupa ikaw ang taya

Tandaan mo sa buhay ay dalawa lang
Ang syang dapat nating pag pilian
Nasasayo ang kahihinatnan
Mabuti mong pag isipan
Nang hindi ka mag tanong ng

Bakit mo ako
Niyaya dito
Para gitgitin ng mga
Kayabangan mo
Bakit mo ako
Sinama dito
Sabay bulong mo ng mahina

Langit o lupa
Araw o gabi
Mamili sa dalawa tama o mali
Langit o lupa
Araw o gabi
Mamili sa dalawa


Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!